DALIN
Journal of Literature Educators
Association of the Philippines, Inc.
RESEARCH

# Pagtukoy at Pagsusuri sa Diskurso at Tema ng *Resiliency* sa mga Kuwentong Aklat ukol sa COVID-19

Israel G. De Ocampo
St. Anthony's College, Antique, Philippines

**Abstrak**. Kapansin-pansin ang pagsibol at pagdami sa internet ng mga pambatang kuwentong aklat na tumatalakay sa mga kuwento at impormasyon hinggil sa karanasan, kamalayan, at katatagan sa pagharap o *resiliency* sa pandemyang hatid ng COVID-19. In-upload ang mga ito sa internet ng mga indibidwal, ahensya at tanggapan na may adhikaing pangalagaan ang kagalingan ng mga kabataan at protektahan sila sa panahon ng kagipitang nararanasan ng bayan. Bilang pag-uugnay sa larangan ng panitikang pambata at ng sitwasyong panlipunan kasama na ang pagpapahalagang Pilipino, tinangka ng pananaliksik na ito na tukuyin at suriin ang mga nakasulat at nakaguhit na diskurso at ang mga tema na may kaugnayan sa pagiging *resilient* ng mga Pilipino mula sa mga piling kuwentong aklat ukol sa pandemya ng COVID-19 at kung paano magamit na kasangkapan o daan sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto sa mga mag-aaral. Naging batayan sa isinagawang pagtukoy at pagsusuri ang *Critical Content Analysis* at ang Katatagan *Intervention Framework*. Sa larangan ng pedagohiya, nagmumungkahi ang pananaliksik na ito ng mga layunin sa pagkatuto na magagamit sa proseso ng pagpapahalaga at pagbasa ng panitikang pambata sa Pilipinas.

***Keywords*:** *Resiliency*, panitikang pambata, diskurso at tema, layunin sa pagkatuto, COVID-19.

## Panimula

Sa bisa ng Proklamasyon Bilang 929, s. 2020, ipinailalim ang bansa sa *state of calamity* ni Pangulong Rodrigo R. Duterte sanhi ng Corona Virus Disease 2019 sa loob ng anim na buwan mula noong Marso 16, 2020. Pinalawig pa ito ng Proklamasyon Bilang 1021, s. 2020 na ipinatuloy ang nasabing sitwasyon hanggang sa kasunod na taong 2021. Kasabay nito, ipinatupad ang *Enhanced Community Quarantine* sa bansa. Pansamantalang isinara ang mga paaralan, simbahan at mga tanggapang pampribado at pampubliko. Habang nanatili sa loob ng tahanan ang mga tao, kasama ang mga kabataan, kapansin-pansin na isa sa mga naa- upload sa internet ang mga akdang pambata sa wikang Filipino sa anyong *storybook* o kuwentong aklat na nagtatampok ng mga salaysay at impormasyon ukol sa karanasan, damdamin at interbensiyon sa panahon ng pandemyang dulot ng COVID-19 (Llaneta, 2020; Ronda at Mateo, 2020).

Masasabing bukod sa manlibang, layunin ng mga na-upload na mga akdang pambata na ipaliwanag at ipaunawa sa pananaw ng mga bata ang isang sitwasyong tunay na komplikado at hindi normal na kalagayan ng ating lipunan. Layunin din ng mga akdang ito na magturo ng mga pagpapahalagang tulad ng pagtutulungan o bayanihan at pagkakaroon ng tatag ng loob na magpatuloy sa kabila ng nararanasang suliranin sa buhay. Sa isang malikhaing paraan, dinadala ng mga manunulat ng panitikang pambata ang mga kabataan sa isang daigdig gamit ang imahinasyon na kinatatampukan ng mga tauhang sila mismo ang bida.

Bilang pag-uugnay sa larangan ng panitikang pambata at ng sitwasyong panlipunan kasama ang mga pagpapahalagang Pilipino, tinangka ng pananaliksik na ito na tukuyin at suriin ang mga nakasulat at nakaguhit na diskurso at ang mga tema na may kaugnayan sa pagiging *resilient* o *resiliency* sa mga piling kuwentong aklat ukol sa COVID-19 upang magamit na kasangkapan o daan sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto ng mga pagpapahalagang pansaloobin sa mga mag-aaral/kabataan. Sa larangan


Corresponding Author: ideocampo@sac.edu.ph

ng pedagohiya, nagmumungkahi ang pananaliksik na ito ng mga layunin sa pagkatuto na magagamit sa proseso ng pagpapahalaga at pagbasa ng panitikang pambata sa Pilipinas. "Ang pagpaplanong pampagtuturo ay hindi natatapos pagkaraang madesisyunan ang nilalaman at maiayos ang pagkakasunod-sunod nito. Kailangan ding pag-isipan ang mga tiyak na pagkatuto na nais ipaangkin sa mga mag-aaral bilang bunga ng isang pagtuturo. Ang ganitong kalagayan ay naglulundo sa paghahanda at pagbubuo ng mga layuning pampagtuturo (o pampagkatuto). Ang mga layuning pampagtuturo (o pampagkatuto) ang tumitiyak kung ano ang mga inaasahang isasagawa ng mga mag-aaral bilang kinalabasan ng kanilang pagkalantad sa nilalaman ng isang pagtuturo-pagkatuto sa loob ng klasrum. Inihahanda ng mga guro ang mga layuning pampagtuturo sa liwanag ng nilalaman ng aralin na nais nilang matutunan ng mga mag-aaral, tinitiyak ang lebel ng sopistikasyon ng pagkatuto na inaasahan sa mga mag-aaral, at ibinabatay ang mga ito sa kakayahan at kawilihan ng mga tinuturuan. Ang mga layuning pampagtuturo ay magsisilbing posteng pamatnubay sa paghahanda at pagbabalak ng aralin at iba pang planong pampagtuturo. Sinasangguni rin ang mga ito sa pagpili ng mga angkop na kagamitang panturo bilang pansuporta sa mga batayang aklat, sa pagtukoy ng angkop na istratehiya, at paghahanda ng nararapat na ebalwasyon sa pagkatuto" (Badayos, 2008).

Bukod dito, may pangkalahatang impresyon ang mananaliksik hinggil sa daloy ng kurikulum na nakapaloob sa Mayo 2016 K to 12 Gabay Pangkurikulum sa Filipino partikular na sa lebel ng *lower elementary grades*, Kinder hanggang Baitang 3. Maaring may kakulangan sa mga layunin na nauukol sa pagsusuring pampanitikan kaya may pangangailangan na magkaroon ng mga batayang kaalaman at layunin sa pagsusulat ng banghay-aralin at layuning pampagkatuto sa Panitikang Pambata.

Isa sa mga tampok na katangian ng mga Pilipino ang pagkakaroon ng tatag ng loob sa gitna ng mga suliranin sa buhay. Tinatawag itong *Resiliency*. Sa maraming sakunang dulot ng kalamidad na dinaranas ng bansa taun-taon, idagdag pa ang iba't ibang krisis, lutang na lutang pa rin ang kultura ng pagbabayanihan at ang kakayahan na muling bumangon ang mga Pilipino sa kabila ng mga pinagdadaanang kahirapan. Masasabing isa itong kalakasan ng mga Pilipino na bahagi ng isang sistemang pagpapahalaga.

Nang dumating ang pandemyang dulot ng COVID-19, muli't muling napatunayan ng mga Pilipino ang katangiang ito. Naging matatag ang mga Pilipino sa kabila ng mga panyayaring bagama't hindi nila ginusto ay hindi rin naman nila pinili. Sumabay sa agos ng sitwasyon ang mga Pilipinong patuloy na lumalaban upang mabuhay at bigyan ito ng kahulugan upang magpatuloy sa buhay. Kabi-kabila ang panawagan ng pagbabayanihan at pagkakaisa upang malampasan ng tanan nang ligtas ang banta ng karamdamang hatid ng COVID-19. Naging mapamaraan ang mga tao sa paghanap ng kanilang ikabubuhay at maitawid ang pang-araw-araw na pangangailangan. Buhay na buhay ang diwa ng pagdadamayan kahit pa may mga pagbabatikos sa ilang sektor ng lipunan.

Para sa mga manunulat ng mga panitikang pambata, ang pandemyang naranasan ng bansa ay tawag ng panahon upang maglingkod sa bayan. Panahon ito para sumulat at magmulat. Tunay na ang panitikan ay salamin ng buhay at ito ay kultura. Gamit ang makabagong teknolohiya, ibinahagi ng mga manunulat ng panitikang pambata ang kanilang mga obra sa internet at *social media*. Hindi matatawaran ang kanilang kontribusyon sa pag-unlad ng panitikan sa panahon ng pandemya. Matagal nang itinuturing na mabisang istratehiya ang pagkukuwento sa mga taong dumaranas ng trauma sa buhay lalong lalo na sa mga taong tinatawag nating *vulnerable* sa panahon ng krisis o kagipitan. Sa gitna ng pandemya ng COVID-19, maituturing na isa sa mga *vulnerable* ang mga kabataan. Nagsilbing instrumento sa proseso ng *debriefing* ang mga na-upload na mga akdang pambata at nagbigay-daan ang mga ito upang magturo ng pagpapahalaga tulad ng tatag ng loob o *resiliency*.

Bilang isang guro sa mga *pre-service teacher*, nais magbigay ang mananaliksik ng kontribusyon kung paano mabisang magagamit ng mag-aaral ang mga panitikang pambata na naglalaman ng mga diskurso at tema ng *resiliency* sa proseso ng pagkatuto at pagbasa sa panitikan. Kung magkakaroon ng pagsasanay ang mga *pre-service teacher* sa paggamit nito, makatutulong na mabisang mailangkap nila ito sa kanilang proseso ng pagtuturo sa mga kabataan sa hinaharap at maipapasa nila sa susunod na henerasyon ang kalakasang ito ng mga Pilipino hindi lamang sa isip ng mga bata kundi maging sa damdamin at asal nila na itinuturing na pawang mga kahalagahan ng pagtuturo ng Panitikang Filipino.

Pangunahing layunin ng pananaliksik na ito na matukoy at masuri ang mga diskurso at tema ng *resiliency* na nakapaloob sa mga na-upload na kuwentong aklat ukol COVID-19. Sa pag-aaral na ito, tinangkang tukuyin ng mananaliksik ang mga mga sumusunod:

1. ang mga diskurso na may kaugnayan sa *resiliency* sa mga kuwentong aklat ukol sa COVID-19;
2. ang mga nangingibabaw na tema na may kaugnayan sa *resiliency* na masasalamin sa mga kuwentong aklat ukol sa COVID-19; at
3. mula sa mga diskurso at mga tema na may kaugnayan sa *resiliency* na nakapaloob sa mga piling kuwentong aklat ukol sa COVID-19, kung paano makatutulong ang pananaliksik na ito sa pagkatuto ng mag-aaral at sa pagtuturo ng mga guro sa pagbasa ng Panitikang Filipino.

**Metodolohiya**

Ang pananaliksik na ito ay isang deskriptibong pag-aaral na naglalayong matukoy at masuri ang diskurso at tema ng *resiliency* sa mga kuwentong aklat ukol sa pandemya ng COVID-19. Ang deskriptibong pananaliksik ay ang paglalarawan, pagtatala, pagsusuri, at pagbibigay ng interpretasyon sa kasalukuyang kalikasan o proseso. Karaniwan itong ginagamit sa pananaliksik ukol sa panitikan, linggwistika at agham panlipunan (San Juan, 2010). Upang maisakatuparan ang naturang layunin ng pag-aaral na ito, isinagawa ang mga proseso o hakbang sa pagbuo ng deskriptibong pagsusuri na tumutugon sa isang sistematiko at maayos na paraan ng pananaliksik. Isinagawa ang kasalukuyang pag-aaral sa Pilipinas kung saan na-upload sa internet at social media ang mga kuwentong aklat ukol sa COVID-19 na nasusulat sa wikang Filipino.

Ang labindalawang gurong-respondent bilang mga reaktor ay mga kapwa guro ng mananaliksik sa St. Anthony's College, San Jose, Antique, Isla ng Panay at nasa pagitan ng dalawampu't dalawa (22) hanggang pitumpu't isang (71) taong gulang. Lahat sila ay nagtapos ng Digri sa Edukasyon na nagpakadalubhasa sa Filipino at kasalukuyang nagtuturo ng Wika at Panitikang Filipino.

Isang set ng talatanungan ang inihanda ng mananaliksik para sa lahat ng reaktor. Ginamit ang *3-point scale* sa pagsusuri sa mga nabuong layunin sa pagkatuto o *learning objectives* sa pagbasa ng mga akdang pampanitikan. Isinaalang-alang ang mungkahi ni Badayos (2008) hinggil sa panuntunan sa pagbuo ng layuning pampagtuturo. Dumaan sa balidasyon ang instrumentong ginamit sa pananaliksik na ito sa pamamagitan ng pagpapasuri nito sa isang eksperto.

**Pagpili ng mga Kuwentong Aklat o *Storybooks* ukol sa COVID-19.** Para sa ginawang pag-aaral, ang mananaliksik ay gumamit ng internet at tumungo sa mga website ng mga indibidwal, ahensya at tanggapan na may reputasyon at may mataas na pagkilala sa larangan ng panitikan, gayundin, na may adhikaing pangalagaan ang kagalingan ng kabataan sa lahat ng pagkakataon lalong-lalo na ang mga nasa larangan ng akademya: Department of Education (DepEd), Bulacan State University (BSU) – Departamento ng Araling Pilipino, Vibal Group, Inc., at University of the Philippines – Los Banos (UPLB), College of Human Ecology (CHE), Department of Human and Family Studies (DHFDS). Bilang bahagi ng saklaw at delimitasyon ng pag-aaral, pinili lamang ang sampung kuwentong aklat na na-upload at na-download o na-aacess ng libre sa internet at *social media* ng mga *netizen*/ kabataan/ magulang/ guardian/ guro/ tagapamahala ng mga aklatan/ administrador/ may interes sa panitikang pambata mula Marso hanggang Oktubre 2020. Sinunod ng mananaliksik ang mungkahi ni Sandelowski (1995) na nagsabing sapat na ang sampu bilang *sample size* sa *homogenous sampling* sa isang kwalitatibong uri ng pananaliksik.

**Talahanayan 1. Mga Kuwentong Aklat ukol sa COVID-19**

| ***Pamagat*** | ***Awtor*** | ***Tagaguhit*** | ***Institusyong Pinagmulan*** |
|---|---|---|---|
| *"Ang Kaklase Kong Tatay"* | *Salvacion Montenegro* | *Jessica Montenegro* | *Department of Education* |
| *"Ang Korona ni Karen"* | *Kate del Rosario et al.* | *Rachelle Ann Fabula* | *University of the Phil.* |
| *"Ang Magic Libro ni Nano"* | *Julius Burdeos* | *Julius Bordeos* | *Dept. of Education* |
| *"Ang mga Maskara ni Miko"* | *Kate del Rosario* | *Rachelle Ann Fabula* | *University of the Phil.* |
| *"Birthday Ko Araw-Araw"* | *Kate del Rosario* | *Shanaia Kylie Pillosis* | *University of the Phil.* |
| *"Isang Metro"* | *Kate del Rosario* | *Dandin Espina* | *University of the Phil.* |


Corresponding Author: ideocampo@sac.edu.ph

| | | | |
|---|---|---|---|
| *"Labinlimang Araw"* | *Sarah Jean Paccarangan* | *Jonan Buriaza* | *University of the Phil.* |
| *"Mahal na mga Frontliner"* | *Eugene Evasco* | *Jan Rex Casimoran* | *Vibal Group, Inc.* |
| *"May Dagat sa Bahay Namin"* | *Kate del Rosario* | *Chloe Arun* | *University of the Phil.* |
| *"May Pila sa Tapat ng Aming Bahay"* | *Reggie Rey Fajardo* | *Julie Anne Vertudes* | *Bulacan State University* |

**Pagsusuri sa mga Kuwentong Aklat.** Sa isinagawang pag-aaral, ginamit na batayan sa pagtukoy at pagsusuri ng diskurso ng *resiliency* ang dulog sa panunuring pampanitikan ni Stephens (2015) at nina Beach et al. (2015) na tinatawag na *Critical Content Analysis*. Sa dulog na ito, inilalarawan ang diskurso ng *resiliency* na nakapaloob sa mga kuwentong aklat ukol sa COVID-19 sa pananaw sosyo-historikal, *gender*, kultural at pagsusuri ng paksa. Ang pananaw sosyo-historikal ay may kaugnayan sa mga pagpapahalaga na umusbong sa isang lipunan sa tiyak na panahon at ang *gender* naman ay may kaugnayan sa mga gampanin ng tao batay sa kanyang kasarian kasama na ang kulturang kinabibilangan. Sa pananaw kultural naman ay nakapaloob ang mga gawi ng tao at sa pagsusuri ng paksa, maiuugnay naman dito ang sikolohikal na katangian ng mga bata na pangunahing paksa o tema ng panitikang pambata sa pangkalahatan. Sa pagtukoy at pagsusuri naman sa tema ng *resilency*, ginamit ang Katatagan *Intervention Framework* nina Hechanova et al. (2015). Matapos matukoy at masuri ang diskurso at ang tema ng resiliency sa mga kuwentong aklat, ipinasuri at tinaya ang mga ito ng dalawang dalubguro ng/sa Filipino at Panitikang Filipino para matiyak ang kawastuhan at kaangkupan nito. Lumabas na ang mga natukoy na diskurso at tema ng mananaliksik bilang mga datos sa pag-aaral na ito ay may mataas na kalidad sa kawastuhan at kaangkupan.

**Pagtataya sa Nabuong Hanay ng mga Layunin sa Pagkatuto o *Learning Objectives*.** Matapos ang pagtukoy at pagsusuri sa diskurso at tema ng *resiliency*, bumuo ang mananaliksik ng mga mungkahing layunin sa pagkatuto o *learning objectives* sa pagtuturo ng pagbasa sa panitikang pambata na nakabatay sa Bloom's Revised Taxonomy (Clark, 2015). Ipinasuri at pinabigyan ng pagtataya ang mga ito sa sampung guro sa Filipino at dalawang dalubguro sa Panitikang Filipino, labindalawa sa kabuuan, bago isinagawa ang rebisyon ayon sa kanilang mga mungkahi o suhestyon sa mananaliksik.

## Resulta at Pagtalakay

Makikita sa Talahanayan 2 ang iba't ibang diskurso na may kaugnayan sa *resiliency* sa mga kuwentong aklat ukol sa pandemyang hatid ng COVID-19.

**Talahanayan 2. Mga Diskursong may Kaugnayan sa *Resiliency* sa mga Kuwentong Aklat ukol sa COVID-19**

| Diskursong Kaugnay ng Resiliency | Kuwentong-Aklat |
|---|---|
| **Sosyo-historikal** | |
| Suporta sa mga bata mula sa pamilya, paaralan at komunidad | "Ang Kaklase Kong Tatay"; "Ang Korona ni Karen"; "Ang mga Maskara ni Miko"; "Birthday Ko Araw-Araw"; "Labinlimang Araw"; "Mahal na mga Frontliner"; "May Dagat sa Bahay Namin" |
| Ang pagguhit sa imahen ng Corona Virus bilang isang halimaw na umaatake na kailangang harapin nang buong tatag | "Ang mga Maskara ni Miko"; "Birthday Ko Araw-Araw"; "Isang Metro"; "May Pila sa Tapat ng Aming Bahay" |
| Ang pananaw na ang pagiging OFW ay paghahango sa kahirapan ng pamilya | "Labinlimang Araw" |
| **Gender** | |
| Pantay na pananagutan ng magulang (ama at ina) sa pagpapalaki ng anak kasama na ang pakikibahagi sa mga gawain | "Ang mga Maskara ni Miko"; "Mahal na mga Frontliner"; "May Dagat sa Bahay Namin"; "May Pila sa Tapat ng Aming Bahay" |
| Pananaw na ang pagiging single dad/absentee parent o ang ina lamang ang kapiling ng anak ay pagkakataon na maging mabuting magulang sa anak | "Ang Kaklase Kong Tatay"; "Labinlimang Araw" |
| **Kultural** | |

| | |
|---|---|
| Paggamit ng makabagong teknolohiya upang makaagapay sa panahon ng pandemyang hatid ng COVID-19 | "Ang Kaklase Kong Tatay"; "May Dagat sa Bahay Namin" |
| Pananampalataya bilang pinaghuhugutan ng kalakasan sa panahon ng kagipitan | "Labinlimang Araw" |
| Arketipo ng isang matandang may bakas ng karunungan sa buhay | "Birthday Ko Araw-Araw"; "May Dagat sa Bahay Namin" |
| **Pagsusuri ng Paksa (Sikolohikal)** | |
| Paglalaro at pamamasyal bilang mundo ng isang bata, kasama na ang pagkakaroon ng alagang hayop o isang espesyal na laruan | "Ang Kaklase Kong Tatay"; "Ang Korona ni Karen"; "Ang mga Maskara ni Miko"; "Birthday Ko Araw-Araw"; "Isang Metro"; "May Dagat sa Bahay Namin"; "May Pila sa Tapat ng Aming Bahay" |
| Patuloy na pagsisikhay na matuto sa kabila ng limitadong mga galaw sa panahon ng pandemya | "Ang Kaklase Kong Tatay"; "Ang Magic Libro ni Nano" |
| Impluwensiya ng media sa murang kaisipan ng bata na dapat bigyang linaw sa kanilang isipan at pang-unawang kritikal | "Ang Korona ni Karen"; "Ang Magic Libro ni Nano"; "May Dagat sa Bahay Namin" |
| Ang pakikipagdiyalogo sa mga bata bilang "coping strategy" | "Ang Kaklase Kong Tatay"; "Ang Korona ni Karen"; "Ang mga Maskara ni Miko"; "Birthday Ko Araw-Araw"; "Labinlimang Araw"; "May Dagat sa Bahay Namin" |

Sa pagtukoy at pagsusuri ng diskurso ng *resiliency* na nakapaloob sa mga kuwentong aklat na na-upload sa internet at *social media*, ginamit ang teorya sa kritisismong pampanitikang salig sa gabay na binigay ni Stephens (2015) at nina Beach et al. (2015) hinggil sa *Critical Content Analysis*. Ang dulog na ito ay isang konseptwal na lapit sa pag-unawa kung tungkol saan ang teksto sa mga pananaw na ito: sosyo-historikal, *gender*, kultural at pagsusuri ng paksa. Bilang pamamaraan sa panunuring kritikal, bahagi ng pagsusuri sa diskurso ang *social constructivist analysis*, ganoon din ang pagsusuring retorikal at ang pagsusuri sa nilalaman.

**Sosyo-historikal.** Nakatukoy ang mananaliksik ng tatlong pangunahing diskurso na may kaugnayan sa *resiliency* na masasalamin sa mga kuwentong aklat: una, suporta sa mga bata mula sa pamilya, paaralan at komunidad; pangalawa, ang pagguhit sa imahen ng Corona Virus bilang isang halimaw na umaatake na kailangang harapin nang buong tatag; at pangatlo, ang pananaw na ang pagiging OFW ay paghahango sa kahirapan ng pamilya.

Sa tulong ng suporta ng pamilya, paaralan at komunidad, naipamamalas sa mga batang bidang tauhan na kaya nilang malampasan ang mga suliranin na kaaakibat ng pandemyang hatid ng COVID-19. Bagama't ipinahayag ang mga suliraning ito sa pananaw ng mga batang tauhan, may malaking kontribusyon, o sabihin pa, na may pananagutan ang mga taong tunay na masasandigan ng mga kabataan sa panahon na sila ay nababahala sa mga isyung kinahaharap nila tulad ng kanilang pag-aaral, tiwala sa sarili, pananabik sa pagmamahal ng magulang, pagpanaw ng mahal sa buhay at kagustuhang makapaglibang.

Bukod sa makikitang *resiliency* sa pamamagitan ng pagsuporta sa mga kabataan, may isang ring diskurso na tila iginuhit ang imahen ng Corona Virus bilang isang halimaw na kinatatakutan at umaatake na kailangang harapin nang buong tatag at dapat puksain. Makikita ito sa apat na kuwentong-aklat: *Ang mga Maskara ni Miko, Birthday Ko Araw-Araw, Isang Metro, May Pila sa Tapat ng Aming Bahay*. Mula sa punto de bista ng mga kuwentong aklat, panlaban sa halimaw na Corona Virus ang pagsusuot ng face mask, paghuhugas ng kamay at social distancing. Mahusay na naipahatid ang mensahe ng mga kuwentong aklat sa mga batang mambabasa nito at maintindihan ang mga konsepto at hakbang na dapat isagawa sa panahon ng pandemyang hatid ng COVID-19.

Natatangi naman ang diskursong naipaloob sa kuwentong aklat na *Labinlimang Araw* hinggil sa pananaw na ang pagiging Overseas Filipino Workers ay paghahango sa kahirapan ng pamilya. Ipinaliwanag ang konsepto ng quarantine sa isang sensitibong isyu ng amang pauwi na mula sa ibang bansa bilang OFW. Ganito sinimulan ang kuwento: "Isang Overseas Filipino Worker si Mang Bert, tatay ni Mimi. Kailangan niyang magtrabaho sa Saudi para matugunan ang mga pangangailangan ng kanilang pamilya. Tatlong taon pa lamang si Mimi nang umalis siya." Iniugnay ang konsepto ng


Corresponding Author: ideocampo@sac.edu.ph

*resiliency* sa posibleng kawalan ng pansuporta sa mga pangangailangan ng isang pamilya at ang maaaring solusyon dito ay ang pagtatrabaho sa ibang bansa na hahantong sa pagkakawalay ng magulang sa anak o ng anak sa magulang.

**Gender.** Nakatukoy ang mananaliksik ng dalawang pangunahing diskurso na may kaugnayan sa *resiliency* na masasalamin sa mga kuwentong aklat: una, pantay na pananagutan ng magulang sa pagpapalaki ng anak kasama na ang pakikibahagi sa mga gawain; at pangalawa, pananaw na ang pagiging single parent/absentee parent ay pagkakataon na maging mabuting magulang sa anak.
Dalawang magkaibang pananaw sa bahagi ng *gender* at *resiliency* ang masasalamin sa mga kuwentong aklat. Ang una ay ang magkaagapay na pananagutan ng ama at ng ina sa pagpapalaki sa anak at paggabay sa kanila sa panahon ng kagipitang hatid ng pandemya tulad ng COVID-19. May parehong presensya sa tungkulin ang ama at ang ina sa mga kuwentong aklat tulad ng *Ang mga Maskara ni Miko, Mahal na mga Frontliner, May Dagat sa Bahay Namin,* at *May Pila sa Tapat ng Aming Bahay*. Maipagkakapuri ang isang bahagi ng larawang guhit sa kuwentong-aklat na *Ang mga Maskara ni Miko* na sama-samang nagtatahi ang pamilya na pagbuwag sa mga konsepto ng *gender role*. Sa kabilang banda, may dalawang kuwentong aklat ang tila nagpakita ng reyalidad sa lipunan: ang pagiging *single dad* at ang *absentee parent* o ang ina lamang ang naiwang kapiling ng anak habang ang ama ay nagtratrabaho sa ibang bansa. Sa kuwentong aklat na *Ang Kaklase kong Tatay*, walang nabanggit na ina o nanay sa kuwento. Makikita rin sa mga larawang guhit na ang tatay ay gumagawa ng mga gawaing-bahay kasama na rin ang pag-aasikaso sa anak na nababahala sa kanyang online class. Sa kuwentong aklat na *Labinlimang Araw*, ang tauhang bata ay nalulungkot at nananabik sa pagdating ng amang nawalay sa kanila sa maraming taon dulot ng pagtatrabaho sa ibayong dagat. Lalo pang nagpatindi ng kanyang lungkot ang balitang kailangan munang mag-quarantine ang kanyang ama bago ito umuwi sa kanila. Ipinakikita sa mga tauhang magulang particular na sa kalagayan ng ina na mag-isang nagpalaki ng anak kahit na hindi nila pisikal na kapiling ang ama ang pananaw na magiging mabuti silang magulang sa kabila ng mga limitasyon na kanilang kinahaharap. Sa puntong ito, maaaring maiugnay rin ang konsepto ng *resiliency*.

**Kultural.** Nakatukoy ang mananaliksik ng tatlong pangunahing diskurso na may kaugnayan sa *resiliency* na masasalamin sa mga kuwentong aklat: una, paggamit ng makabagong teknolohiya upang makaagapay sa panahon ng pandemyang hatid ng COVID-19; pangalawa, pananampalataya bilang pinaghuhugutan ng kalakasan sa panahon ng kagipitan; at pangatlo, arketipo ng isang matandang may bakas ng karunungan sa buhay.

Upang makaagapay sa panahon ng pandemyang hatid ng COVID-19, masasalamin sa dalawang kuwentong aklat ang positibong paggamit ng teknolohiya na maiuugnay sa konsepto ng *resiliency*. Sa kuwentong *Ang Kaklase Kong Tatay*, isa sa naging solusyon sa pagkabahala ng batang tauhan sa kanyang pag-aral sa bahay ang paggamit ng cellphone partikular na ang pagtetext kung kapwa hindi alam ng estudyante at ng magulang ang gagawin sa aralin. Samantala sa kuwentong *May Dagat sa Bahay Namin*, pitong pahina sa kabuuan nitong labimpito ang nagpakita ng mga sitwasyon tungkol sa pandemya gamit ang telebisyon at ipinaliwanag ang mga patakaran upang makaagapay ang mga tao sa banta ng pandemya. Tunay na naging bahagi na ng kultura at pamilyang Pilipino ang makabuluhang paggamit ng teknolohiya upang mapadali ang mga gawain at upang maging daan na masolusyunan ang mga suliranin na kinahaharap sa buhay.

Hindi matatawaran ang konsepto ng *resiliency* na ipinakita sa kuwentong aklat na *Labinlimang Araw* na hindi maipagkakailang bahagi ng kulturang Pilipino. Ito ang bukod tanging kuwentong aklat na direktang bumanggit tungkol sa pananampalataya bilang pinaghuhugutan ng kalakasan sa panahon ng kagipitan. Mababasa sa pahina 12 at 13 sa kuwentong ito ang mga sumusunod: "'Oo nga!' Isang tulog na lang! Ipanalangin natin na bukas ay makasama na natin si Tatay, umaasang sagot ni Aling Rosa. Bago matulog ang mag-ina, nanalangin sila nang mataimtim. Puno sila ng pag-asa na makakasama na nila si Mang Bert kinabukasan. Nakangiting natulog si Mimi ng gabing iyon. Puno rin ng masasayang eksena ang panaginip niya na kasama sina Aling Rosa at Mang Bert."

Nakatutuwa ring may papel na ginagampanan ang mga may-edad ng kapamilya upang pagmulan ng mga karunungang makatutulong sa pag-agapay sa gitna ng banta ng pandemya. Sa kuwentong aklat na *May Dagat sa Bahay Namin*, ang lola ang pinagmulan ng magandang balita na ang mga batang tauhan ay matutuloy sa balak na pagbabakasyon sa itinayong *swimming pool* ng kanilang mga magulang sa garahe kung sila ay mag-aalmusal o kakain muna. Samantala, sa kuwentong-aklat na *Birthday Ko Araw-araw*, ang lolong tauhan sa kuwento ang nagbahagi ng kaalaman sa tauhang bata

kung paano makaiiwas na mahawahan ng sakit na dulot ng COVID-19. Ganito ang naging daloy ng pagsasalaysay sa kuwento sa pahina 9 at 10: "'Naku, apo, may kamahalan nga ng kaunti ang alcohol. At nagkakaubusan na rin sa mga tindahan,' sagot ni Lolo. 'Halika, gawin natin ang pinaka-mabisang paraan para siguradong malinis ang ating mga kamay!' Dinala ako ni lolo sa lababo at sabay kaming naghugas ng kamay. 'Lolo naman, marunong po akong maghugas ng kamay!' sabi ko kay Lolo. 'Naku, yan ang akala mo!' nakangiting sabi ni Lolo. Tinuruan ako ni lolo ng tamang paraan ng paghuhugas ng kamay. 'Hindi ba at alam mo ang awit na Happy Birthday?' tanong ni Lolo. Tumango naman ako. 'Habang naghuhugas tayo ng kamay, kantahin mo ito ng dalawang beses!' pagpapatuloy ni Lolo."

**Pagsusuri ng Paksa (Sikolohikal).** Nakatukoy ang mananaliksik ng apat na pangunahing diskurso na may kaugnayan sa *resiliency* na masasalamin sa mga kuwentong aklat: una, paglalaro at pamamasyal bilang mundo ng isang bata kasama na ang pagkakaroon ng alagang hayop o isang espesyal na laruan; pangalawa, patuloy na pagsisikhay na matuto sa kabila ng limitadong mga galaw sa panahon ng pandemya; pangatlo, impluwensiya ng media sa murang kaisipan ng bata na dapat bigyang linaw sa kanilang isipan at pang-unawang kritikal; at pang-apat, ang pakikipagdiyalogo sa mga bata bilang *coping strategy*. Masasabing ang apat na ito ay maiuugnay sa sikolohikal at emosyonal o pandamdamin na aspekto ng mga kabataan sa pangkalahatan.

Ang paksa ng mga kuwentong aklat ukol sa COVID-19 ay may tuwirang kaugnayan sa sikolohiya ng mga batang mambabasa nito. Maingat itong naisapanitik ng mga manunulat at masasabing kaugnay ito ng *resiliency* na nais maikintal sa mga kabataan na siyang target ng mga kuwentong aklat na ito. Ang unang sitwasyon o paksa na kasasalaminan ng *resiliency* sa mga kuwentong-aklat ay ang paglalaro at pamamasyal bilang mundo ng isang bata kasama na ang pagkakaroon ng alagang hayop o isang espesyal na laruan na makikita sa pitong kuwentong aklat. Pinatutunayan nito na ang mundo ng bata ay paglalaro at ang paglalaro ay bahagi ng kanilang kamusmusann. Kaugnay rin ng paglalaro bilang bahagi ng pagkabata ang kakayahang maging bukas upang matuto at mahasa ang talento. Ito ang paksa ng kuwentong aklat na *Ang Magic Libro ni Nano*. Sa kabagutan ng batang tauhan sa kuwento dulot ng *lockdown*, nasorpresa siya na may kakayahan pala siyang gumuhit nang ito'y kanyang subukan at nakaramdam siya ng pagkasaya sa kanyang sarili at napaglabanan ang kabagutan sa gitna ng *community quarantine*. Naging *coping strategy* ito ni Nano sa panahon ng pandemya. Sa bahagi naman ng mga nakatatanda, ipinakita ng halos anim na kuwentong aklat na may pananagutan ang mga nakatatandang tagapag-alaga sa mga bata upang makaagapay ang huli sa mga kagipitang nararanasan sa buhay. Mahalaga ang makipag-usap sa mga bata o makipagdiyalogo sa kanila upang maunawaan nila ang nagaganap sa kapaligiran lalo na kung may suliranin, problema o kalamidad na nangyayari tulad ng pandemya. Sa pakikipagdiyalogo sa mga bata, nailalabas nila ang kanilang mga saloobin at naiwawasto ang mga mali o malawak na kaisipang hindi pa abot ng kanilang kamalayan na maaring maituwid ng mga matatanda o ng mga magulang sa mga bata. Bunga nito, naliliwanagan sila at naiwawaksi ang mga pagkatakot at pangamba na maaari nilang narinig o nakuha sa impluwensiya ng *media* at natutuhan nilang mamuhay na may tatag ng loob sa gitna ng mga pagsubok sa buhay. Sa puntong ito, naibabahagi sa kanila ang pagsasabuhay ng *resiliency* lalo sa antas sikolohikal na pangangailagan ng mga bata.

Bawat kuwentong aklat ay may mensaheng hatid at hindi ito mawawala sa isang akdang pampanitikan, pasalita man o pasulat. Dito nakasentro ang lahat ng pinag-usapan upang ito ay madaling maunawaan. Ang pagkuha sa tema na namamayani sa mga kuwentong aklat na may kaugnayan sa *resiliency* ay mahalaga upang maipakita ang mga pagpapahalagang naghahari sa akda na salamin ng kultura at lipunan lalo na sa panahon ng isang kagipitan tulad ng pandemyang hatid ng COVID-19.

Makikita sa Talahanayan 3 ang iba't ibang tema na may kaugnayan sa *resiliency* sa bawat kuwentong aklat ukol sa pandemyang hatid ng COVID-19.

**Talahanayan 3. Mga Temang may Kaugnayan sa *Resiliency* sa mga Kuwentong Aklat ukol sa COVID-19**

| Pamagat/Bahagi ng Framework | Mga Temang may Kaugnayan sa Resiliency |
|---|---|
| 1. "Ang Kaklase Kong Tatay" Kalutasan at Kaagapay | Pagbibigay ng solusyon sa mga posibleng suliranin na kinahaharap ng isang bata sa home-schooling mode na pag- |


Corresponding Author: ideocampo@sac.edu.ph

| | |
|---|---|
| | aaral sa panahon ng pandemya at pagkakaroon ng *sense of humor* sa gitna ng pandemya |
| 2. "Ang Korona ni Karen"<br>Kalooban | Pagtulong sa isang kabataan na malampasan ang suliraning emosyunal sa panahon ng kagipitan sa pamamagitan ng pagwawaksi sa mga maling kaisipan at pag-agapay rito na maging matatag na ipagpatuloy ang nasimulang kakayahan at tiwala sa sarili |
| 3. "Ang Magic Libro ni Nano"<br>Kalakasan | Pagpapahalaga sa sariling talento na dapat paunlarin sa gitna ng mga suliraning nagaganap sa buhay |
| 4. "Ang mga Maskara ni Miko"<br>Katawan | Pagproprotekta sa sariling katawan at kagalingan upang hindi makapitan ng karamdaman |
| 5. "Birthday Ko Araw-Araw"<br>Katawan | Pangangalaga sa sariling katawan upang makaiwas sa mga karamdaman at madama ang saya tuwing ginagawa ito |
| 6. "Isang Metro"<br>Kinagawiang Gawain | Paghihikayat sa mga bata na patuloy na maging aktibo sa mga gawaing kapaki-pakinabang sa gitna ng health protocol na social distancing |
| 7. "Labinlimang Araw"<br>Kinabukasan | Paghihintay ng may pag-asa sa isang kapamilya na naquarantine dulot ng karamdamang hatid ng COVID-19 virus at pagiging positibo na muli silang magkakasama-sama matapos ang nakatakdang araw na ligtas na sa banta ng karamdaman |
| 8. "Mahal na mga Frontliner"<br>Kinabukasan | Pagpaparangal sa mga modernong bayaning humaharap sa pandemyang dulot ng COVID-19 at pagpapaalala na ang bawat isa ay may tungkuling panlipunan na makiisa sa bayanihan at may responsibilidad na pangalagaan ang buhay at kalusugan |
| 9. "May Dagat sa Bahay Namin"<br>Kalakasan | Paghihikayat na bigyan ng mga malikhaing gawain ang mga kabataan upang mapunuan ang kanilang oras sa gitna ng pandemya |
| 10. "May Pila sa Tapat ng Aming Bahay"<br>Kalutasan at Kaagapay | Pagtutulungan at pakikiisa ng buong komunidad na sumunod sa mga hakbang upang maiwasan ang pagkalat ng sakit na dulot ng pandemyang hatid ng COVID-19 |

Sa kuwentong aklat na *Ang Kaklase Kong Tatay*, ang tema ay ang pagbibigay ng solusyon sa mga posibleng suliranin na kinahaharap ng isang bata sa *homeschooling program* sa panahon ng pandemya at pagkakaroon ng *sense of humor* sa gitna ng pandemya. Masasalamin ang ganitong kaisipan sa dumaloy na diyalogo sa pagitan ng tatay at ng anak. Samantala, sa kuwentong aklat na *Ang Korona ni Karen*, tema nito ay pagtulong sa isang kabataan na malampasan ang suliraning emosyonal sa panahon ng kagipitan sa pamamagitan ng pagwawaksi sa mga maling kaisipan at pag-agapay rito na maging matatag na ipagpatuloy ang nasimulang kakayahan at tiwala sa sarili. Matimpi ang pagkakasulat ng akdang ito na kasasalaminan ng mga batayang simulain sa pagkikitungo sa mga kabataan sa tulong ng disiplina ng sikolohiya. Ang ikatlong kuwentong aklat naman na pinamagatang *Ang Magic Libro ni Nano*, ay nagpapakita ng tema hinggil sa pagpapahalaga sa sariling talento na dapat paunlarin sa gitna ng mga suliraning nagaganap sa buhay. Natuklasan ng batang tauhan ang kanyang talento sa pagguhit at masaya niya itong tinanggap at pinagbuti. Halos pareho naman ang tema ng ikaapat at ikalimang kuwentong aklat na *Ang mga Maskara ni Miko* at *Birthday Ko Araw-Araw*. May tuon sa pangangalaga at pagproprotekta sa sariling katawan upang makaiwas o hindi madapuan ng mga karamdaman at pagpapanatili ng kagalingan upang madama ang sayang dulot ng pagiging malusog.

Sa ikaanim na kuwentong aklat na *Isang Metro*, binigyang-diin sa tema nito ang paghihikayat sa mga bata na patuloy na maging aktibo sa mga gawaing kapaki-pakinabang sa gitna ng health protocol na *social distancing*. Samantala sa ikapitong kuwentong aklat naman na may pamagat na *Labinlimang Araw*, inilahad ang kaisipan hinggil sa paghihintay nang may pag-asa sa isang kapamilya na naquarantine dulot ng karamdamang hatid ng COVID-19 virus at pagiging positibo na muli silang magkakasama-sama matapos ang nakatakdang araw nang ligtas na sa banta ng karamdaman. Ang ikawalong kuwentong aklat na *Mahal na mga Frontliner* ay tungkol sa pagpaparangal sa mga modernong bayaning humaharap sa pandemyang dulot ng COVID-19 at pagpapaalala na ang bawat isa ay may tungkuling panlipunan na makiisa sa bayanihan at may resposibilidad na pangalagaan ang buhay at kalusugan. Ang tema naman ng ikasiyam na kuwentong aklat na *May Dagat sa Bahay Namin* ay paghihikayat na bigyan ng mga malikhaing gawain ang mga kabataan upang mapunuan ang kanilang oras sa gitna ng pandemya. At panghuli, sa kuwentong aklat na *May Pila sa Tapat ng Aming Bahay*, binigyang paliwanag ang tema hinggil sa pagtutulungan at pakikiisa ng buong komunidad na sumunod sa mga hakbang upang maiwasan ang pagkalat ng sakit na dulot ng pandemyang hatid ng COVID-19.

Kung susuriin at ilalapat ang konsepto ng *resiliency* sa mga temang natalakay kaugnay sa mga kuwentong aklat, mauuri sila sa anim na tema na nakabatay sa Katatagan Intervention Framework nina Hechenova et al (2015). Ang kuwentong aklat na *Ang Magic Libro ni Nano* ay akma sa unang bahagi ng framework na kalakasan. Tuon sa bahaging ito ang pagsipat, pagtukoy at pagpapanatili ng mga kalakasan o *strenghts* at iba pang personal na *resources* na natuklasan sa pagharap sa hamon. Samantala, akma naman sa ikalawang bahagi ng framework na katawan ang mga kuwentong aklat na *Ang mga Maskara ni Miko* at *Birthday Ko Araw-araw* na nakatuon sa pangangasiwa ng pisikal na reaksyon kasama na ang pamamahala sa *stress* o mga alalahanin. Sa pangatlong bahagi ng framework na kalooban, masasabing kaugnay ito sa kuwentong aklat na *Ang Korona ni Karen* dahil may kinalaman sa emosyon o damdamin, kakayahang mag-isip, ispiritwal na pananampalataya at kilos ang akdang ito. Kasama rin dito ang pagtukoy sa mga kaisipan na makatutulong sa pagpapatibay ng tatag ng loob at pagwawaksi sa mga maling kaisipan at konseptong hindi naman makatutulong upang makaagapay sa gipit na sitwasyon. May layuning linangin at pagtibayin ang *self-efficacy* ng batang tauhan sa kuwento o ang tiwala sa kakayahang makontrol ang sariling motibasyon, gawi at kapaligirang sosyal (American Psychological Association, 2009). Pasok naman sa ikaapat na bahagi ng framework ang kuwentong aklat na *Isang Metro*. Hinikayat sa kuwento ang isang batang tauhan na maging aktibo sa mga nakasanayang mga kapaki-pakinabang na gawain sa araw-araw upang lalo pang paigtingin ang proseso ng paghilom mula sa kagipitang pinagdaanan sa panahon ng pandemyang hatid ng COVID-19.

Sa panlimang bahagi ng framework hinggil sa kalutasan at kaagapay, mailalagay ang dalawang kuwentong aklat na *Ang Kaklase Kong Tatay* at *May Pila sa Tapat ng Aming Bahay*. Sa bahaging ito, tuon dito ang kakayahan o istratehiyang lumutas ng problema sa mga taong nakaranas ng trahedya o kagipitan at pagtukoy sa sosyal na suporta mula pamilya, pamayanam, pamahalaan at iba pang organisasyon. Ang panghuling bahagi ng framework na kinabukasan ay masasalamin sa mga kuwentong aklat na *Labinlimang Araw* at *Mahal na mga Frontliner* na tuon sa pagbuo ng plano at aksyon tungo sa isang layunin na kakikitaan ng pag-asa na ipagpatuloy ang buhay sa kabila ng pinagdaanang trauma at kalungkutan.

**Mga Mungkahing Layunin sa Pagkatuto/Pagtuturo**

Ang kasalukuyang pananaliksik ay isang pagtatangka na maglatag ng mga layunin sa pagkatuto na batay sa danas ng kabataang Pilipino sa panahon ng pandemyang hatid ng COVID-19. Ang nabuong mga layunin sa pagkatuto o *learning objectives* kaugnay sa *resiliency* na masasalamin diskurso at tema ng mga nailimbag na kuwentong-aklat ay makatutulong at magiging kapaki-pakinabang sa pagkatuto ng mag-aaral at sa pagtuturo ng mga guro sa pagbasa ng Panitikang Filipino. Sa ganitong punto, masasabing ang nabuong hanay ng mga layunin sa pagkatuto ang kontribusyon sa larangan ng pagtuturo ng kasalukuyang pananaliksik.

Makikita sa Talahanayan 4 ang mga nabuong layunin na may kaugnayan sa *resiliency* sa *Cognitive* Domeyn gayundin ang kinabibilangan nitong antas/lebel ayon sa Bloom’s Taxonomy (Clark, 2015) kasama na ang mungkahing gawain sa pagtataya.


Corresponding Author: ideocampo@sac.edu.ph

**Talahanayan 4. Mga Layunin sa Pagkatuto sa *Cognitive* Domeyn na may Kaugnayan sa *Resiliency* mula sa mga Kuwentong Aklat ukol sa COVID-19**

| Paksa | Layunin sa Pagkatuto | Antas/Lebel ng *Cognitive* Domeyn | | | | | | Pagtataya |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | Kaal-aman | Kompre-hensyon | Aplika-syon | Ana-lisis | Ebal-wasy on | Pag-likha | |
| Ang *Resiliency* Bilang Konsepto | Naisasalarawan/naigugu hit ang imahen ng isang bantang mapanganib at mga paraan kung paano ito mahaharap/ masosolusyunan. | | | | | ✓ | | Naisalarawan/ naiguhit na awtput |
| | Natutukoy ang mga kaalaman at karunungan sa buhay mula sa binasang akda. | ✓ | | | | | | Pag-iisa-isa sa mga kaalaman at karunungang nakuha mula sa akda |
| | Nasasabi ang mga pamantayan kung paano gagamitin nang wasto ang media/social media sa panahong may banta ng panganib. | ✓ | | | | | | Pasalita o pasulat na paglalahad tungkol sa awtput |
| | Nahihikayat ang mga kabataan na patuloy na maging aktibo sa mga gawaing kapaki-pakinabang at malikhain sa gitna ng pandemya. | | | | | ✓ | | Pagtatanong kung paano nila ipagpapatuloy ang kanilang mga *hobbies* sa gitna ng pandemya. |
| | Nakikilahok sa mga programa o gawaing nagpapatingkad sa diwa ng bayanihan at pagtutulungan sa panahon pandemya. | | | | | | ✓ | Pagsasagawa ng online-virtual na group dynamics at brainstorming session tungkol sa bayanihan at pagtutulungan kapag may kalamidad at pandemya tulad ng nangyayari sa kasalukuyang panahon. |

Makikita sa Talahanayan 5 ang mga nabuong layunin na may kaugnayan sa *resiliency* sa *Affective* Domeyn gayundin ang kinabibilangan nitong antas/lebel ayon sa Bloom's Taxonomy (Clark, 2015) kasama na ang mungkahing gawain sa pagtataya.

**Talahanayan 5. Mga Layunin sa Pagkatuto sa *Affective* Domeyn na may Kaugnayan sa *Resiliency* mula sa mga Kuwentong Aklat ukol sa COVID-19**

| Paksa | Layunin sa Pagkatuto | Antas/Lebel ng *Affective* Domeyn | | | | | Pagtataya |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | Pag-tanggap | Pag-tugon | Pagpapa-halaga | Pag-oorga-nisa | Pagsa-sa-buhay | |
| Mga Karanasang Pandamdamin na may Kaugnayan sa *Resiliency* | Naipahahayag kung paano masusuportahan ang mga kabataan ng kanilang pamilya, paaralan at komunidad sa panahon ng pandemya. | | ✓ | | | | Pasalita o pasulat na paglalahad |
| | Natutukoy kung ano ang motibasyon sa paghahanap-buhay para sa sarili at pamilya. | | ✓ | | | | Pagsagot sa katanungan |
| | Naipakikita ang paniniwala na may pagkakataon ang sinumang magulang, ano man ang katayuan nito sa buhay na maging mabuting tagapamulat ng katatagan ng kalooban sa anak. | | | ✓ | | | Paggawa ng Repleksyong Papel |
| | Naisasabuhay ang pananampalataya sa Maylikha bilang pinaghuhugutan ng kalakasan sa panahon ng kagipitan.<br><br>Naipahahayag sa pinakamataas na antas ang pag-asa na kayang malampasan ang mga pagsubok sa buhay na ang pananampalataya ang daan. | | | | | ✓ | Pagbuo ng panalangin at paggamit nito sa araw-araw |
| | Naiuugnay ang mga pagsubok na nararanasan sa gitna ng pandemya upang ipagpatuloy ang pag-aaral/pagkatuto. | | | | ✓ | | Reaksyong Papel |
| | Napahahalagahan ang mga nararamdaman ng mga kabataan at naipapahayag ito bilang paraan ng pag-aagapay sa kanila sa gitna ng pandemya. | | | ✓ | | | Paggawa ng mga *Speech Baloon* |
| | Nagkakaroon ng *sense-of-humor* sa kabila ng mga pagsubok sa pag-aaral sa panahon ng pandemya.<br><br>Nakakamit ang kasiglahan ng isip at damdamin sa panahon | | | ✓ | | | Pagkukuwento ng nakatutuwang pangyayari na hindi nakasasakit ng damdamin |


Corresponding Author: ideocampo@sac.edu.ph

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | ng pandemya sa pagiging positibo sa ugali at pananaw.<br><br>Natatanggap nang kababaang-loob ang sakit na dulot ng pandemya sa buhay ng mag-aaral. | | | | | | ninuman at nagpapahayag ng pagiging positibong pananaw sa buhay |
| | Nagtitiyaga sa paghihintay ng tamang oras sa pagsasagawa ng mga kilos na dapat gawin upang maiwasan ang sakit sa gitna ng pandemya. | | | | | ✓ | Pagbuo ng time-table ng mga gawain ng isang kabataan |

Makikita sa Talahanayan 6 ang mga nabuong layunin na may kaugnayan sa *resiliency* sa Sikomotor Domeyn gayundin ang kinabibilangan nitong antas/lebel ayon sa Bloom's Taxonomy (Clark, 2015) kasama na ang mungkahing gawain sa pagtataya.

**Talahanayan 6. Mga Layunin sa Pagkatuto sa Sikomotor Domain na may Kaugnayan sa *Resiliency* mula sa mga Kuwentong Aklat ukol sa COVID-19**

| Paksa | Layunin sa Pagkatuto | Antas/Lebel ng Sikomotor Domeyn | | | | | | | Pagtataya |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | Per-sep-syon | Pagka-unawa | Pinat-nuba-yang Tugon | Pag-ginawi | Patuloy na Pagsasa-buhay | Pag-aang-kop | Pagsa-sa-loob | |
| Mga Kilos Bilang Manipes-tasyon ng *Resiliency* | Natutukoy ang responsibilidad o pananagutan ng magulang sa wastong pangangalaga ng kanilang anak. | ✓ | | | | | | | Pag-iisa-isa sa mga responsinilidad at pagpapaliwanag sa kabutihang dulot nito |
| | Naitatanghal ang kakayahang makagamit ng makabagong teknolohiya upang makaagapay sa panahon ng kagipitan/pandemya tulad ng COVID-19. | | | | | | ✓ | | Pagtatanong kung paano nila dinidisiplina ang sarili tungo sa katatagan ng loob |
| | Nakapagbibigay ng reaksyon kung paano nakatutulong sa kalusugan ng mga kabataan ang paglalaro, pamamasyal at | | ✓ | | | | | | Reaksyong Papel tungkol sa makabuluhang pamumuhay |

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | pag-aalaga ng hayop. | | | | | | | | |
| | Nakaiiwas sa mga maling kaisipan sa panahon ng pandemya at naipanunumbalik ang pagtitiwala sa sariling kakayahan. | | | ✓ | | | | | Pagsasabi ng mga positibong katangian ng sarili |
| | Nahahasa ang talento na dapat paunlarin sa gitna ng pandemya. | | | | ✓ | | | | Pagpapatuloy ng kanilang *hobbies* |
| | Napoprotektahan ang sariling katawan upang makaiwas sa karamdaman. | | | | | ✓ | | | Pag-iisa-isa ng mga gawing pangkalusugan |
| | Nakikilala ang kabayanihan ng taong patuloy na tumutulong sa gitna ng pandemya. | | ✓ | | | | | | Pagbibigay ng papuri at pagkilala sa kinauukulan |
| | Nakiiisa sa buong komunidad sa pagsunod sa mga hakbang upang maiwasan ang pagkalat ng sakit na dulot ng pandemya. | | | | | | ✓ | | Hakbang sa pagsugpo sa pagkalat ng virus na ginagawa ng mag-aaral sa tahanan man o sa komunidad |

Ang nabuong hanay ng mga layunin sa pagkatuto o l*earning objectives* ng mga kuwentong aklat na may kaugnayan sa *resiliency* ay binigyan ng pagtataya ng labindalawang gurong-respondent bilang mga reaktor at sila ay mga kapwa guro ng mananaliksik sa St. Anthony's College, San Jose, Antique. Nasa pagitan ng dalawampu't dalawa (22) hanggang pitumpu't isa (71) ang gulang ng mga gurong-respondent. Lahat sila ay nagtapos ng Digri sa Edukasyon na may pagpapakadalubhasa sa Filipino, dalawa sa kanila ay dalubguro at tagasanay sa mga *pre-service teachers*. Gayundin, kasalukuyan silang nagtuturo ng Wika at Panitikang Filipino sa batayang edukasyon/kolehiyo.

Makikita sa Talahanayan 7 ang resulta ng pagtataya ng sampung guro at ng dalawang dalubguro sa wika at panitikan.


Corresponding Author: ideocampo@sac.edu.ph

**Talahanayan 7. Resulta ng Pagtataya ng mga Guro at Dalubguro sa Wika at Panitikang Filipino sa Nabuong mga Layunin sa Pagkatuto na may Kaugnayan sa *Resiliency***

| Kraytirya | 3 (Napakahusay) | 2 (Mahusay) | 1 (Hindi Mahusay) |
|---|---|---|---|
| 1. Malinaw na natukoy ang mga inaasahang bunga ng pagkatuto | 83% | 17% | |
| 2. Nagpapakita ng pagganap na namamasdan | 92% | 8% | |
| 3. Natukoy ang kalagayang ginagampanan sa gawain/pagtataya | 100% | | |
| 4. Makatarungang naitakda ang antas/lebel ng/sa pagganap sa gawain | 100% | | |
| 5. Makatutulong ang nabuong layunin sa pagkatuto sa tatlong domeyn sa mga guro, mag-aaral at mananaliksik sa pagtuturo ng panitikang pambata | 100% | | |

Batay sa ipinakikita ng Talahanayan 7, karamihang mga guro at dalubguro (83%) ang nagsabing napakahusay ng mga nabuong layunin sa pagkatuto o *learning objectives* na may kaugnayan sa resiliency mula sa mga kuwentong aklat ukol sa pandemya ng COVID-19 sa kraytirya nitong malinaw na natukoy ang mga inaasahang bunga ng pagkatuto. Gayundin, karamihan rin ng mga mga guro at dalubguro (92%) ang nagpahayag ng napakahusay sa kraytirya hinggil sa pagpapakita ng pagganap na namamasdan sa mga nabuong layunin sa pagkatuto. Lahat naman ng mga guro at dalubguro (100%) ay nagkakaisang nasabi na napakahusay ng nabuong layunin sa pagkatuto sa mga kraytirya hinggil sa pagtukoy sa kalagayang ginagampanan sa gawain/pagtataya at sa makatarungang pagtatakda ng antas/lebel ng/sa pagganap sa gawain. Lahat din sila (100%) ay naniniwala makatutulong ang nabuong layunin sa pagkatuto sa tatlong domeyn sa mga guro, mag-aaral, administrador at mananaliksik sa pagtuturo ng pagbasa sa panitikang pambata. Sa kabuuan, maituturing na napakahusay sa pananaw ng mga gurong-reaktor ang nabuong mga layunin sa pagkatuto o *learning objectives* na may kaugnayan sa *resiliency* mula sa mga piling kuwentong aklat ukol sa pandemya ng COVID-19.

**Konklusyon at Rekomendasyon**

Tunay na ang panitikan ay salamin ng buhay, karanasan, lipunan, pagpapahalaga, at kultura ng pinagmulang pook. Sa mga diskursong natukoy at nasuri mula sa nilalaman ng mga kuwentong aklat na pambata ukol sa pandemya ng COVID-19, isa sa mga karanasan, pagpapahalaga, at kulturang masasalamin sa lahing Pilipino ay ang *resiliency* o ang katatagan ng loob na harapin ang mga suliranin o kagipitan sa buhay nang may positibong saloobin at gawi na kinanalangkapan ng pag-asa lalo na sa panahon ng pandemya ng COVID-19. Isinakonteksto ito ng mga manunulat na Pilipino na may layuning maglingkod sa bayan sa panahon ng pandemyang kinahaharap ng sangkalibutan.

Masasabing kasasalaminan ng konsepto ng *resiliency* ang tema ng mga kuwentong aklat na pambata ukol sa pandemya ng COVID-19. Ang mga temang ito ay nagbibigay ng bigat, lalim at tunguhin ng mga akda na ipinahayag sa malikhain at kritikal na pamamaraan ng mga manunulat o ang kasiningan nito. Masasabi rin na ang mga kuwentong aklat na ito, batay sa mga temang natukoy at nasuri na may kaugnayan sa *resiliency*, ay nagpapakita ng layunin ng mga manunulat sa kanilang pag-akda o pagkatha na itinuturing na sentral na mensahe ng anumang anyo ng sining.

Maaring magsilbing hanguang balon para sa mga guro upang gamitin sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa pagpaplano ng kanilang banghay-aralin ang nabuong mga layunin sa pagkatuto o *learning objectives* ng mananaliksik mula sa pagtukoy at pagsusuri sa diskurso at tema ng *resiliency* sa mga kuwentong aklat ukol sa pandemya ng COVID-19. Sa ganitong paraan, ang pananaliksik na ito ay makapag-aambag sa pagkatuto ng mga mag-aaral at sa pagtuturo ng mga guro sa pagbasa ng Panitikang Filipino partikular na ang Panitikang Pambata sa kontemporaryong panahon.

## Mga Sanggunian


Badayos, P. (2008). *Metodolohiya sa pagtuturo at pagkatuto ng/sa Filipino: mga teorya, simulain, at istratehiya.* Mutya Publishing House, Inc.

Beach, S., Enciso, P., Harste, J., Jenkins, C., Raina, S., Rogers, R., Short, K., Sung, Y., Wilson, M. and Agbaw, V. (2015). *Exploring the "critical" in critical content analysis of children's literature.* https://www.coe.arizona.edu/sites/default/files/critical_content_analysis-nrc.pdf

Burdeos, J. (2020). *Ang magic libro ni Nano.* Facebook. https://ne-np.facebook.com/DepEdDRRMS/posts/-ang-magic-libro-ni-nano-by-teacher-julius-matindi-man-ang-suliranin-na-ating-hi/253651956022821/

Clark, D. (2015). *Bloom's taxonomy.* KnowledgeJump.com. http://www.nwlink.com/~donclark/hrd/bloom.html

Del Rosario, K. (2020). *Ang mga maskara ni Miko.* http://library.cnu.edu.ph/wp-content/uploads/2020/04/Ang-mga-Maskara-ni-Miko-Final-Version-April-12-2020-1.pdf

Del Rosario, K. (2020). *Birthday ko araw-araw.* https://drive.google.com/file/d/1uBe3fLkcN-_BFXDG1QtBpA6nPXmmt3uy/view

Del Rosario, K. (2020). *Isang metro.* https://drive.google.com/file/d/1Gy2oDGzTWmtU-hIriiK-Bn3dCqoLGocw/view

Del Rosario, K. (2020). *Labinlimang araw.* https://drive.google.com/file/d/1llOg8lmJSQ2b9yRYkfR0n330gMLYlgoo/view

Del Rosario, K. (2020). *May dagat sa bahay namin.* https://drive.google.com/file/d/1QfQd-CwUhnYjcRpgtM-3kQ4omhzWEbA4/view

Del Rosario, K., Ferrer P., &Botor, N. (2020). *Ang korona ni Karen.* https://drive.google.com/file/d/157ibS9LNvQqK9X8hwivrsTdNR1t55PaC/view

Evasco, E. (2020). *Mahal na mga frontliner.* https://depedstorybooklovers.com/wp-content/uploads/2020/05/5222020_MAHAL-NA-MGA-FRONTLINER_FINAL-1.pdf




Corresponding Author: ideocampo@sac.edu.ph

Fajardo, R. (2020). *May pila sa tapat ng aming bahay.* https://depedstorybooklovers.com/2020/04/21/libreng-aklat-tungkol-sa-covid19-may-pila-sa-tapat-ng-aming-bahay-nina-reggie-rey-c-fajardo-at-julie-anne-v-vertudes/

Hechanova, G., Waelde, L., Docena, P., Alampay, L., Alianan, A., Flores, M., Ramos, P., and Melgar, M. (2015). The development and initial evaluation of Katatagan: a resilience intervention for Filipino disaster survivors. *ResearchGate.* https://www.researchgate.net/publication/292150901_The_Development_and_Initial_Evaluation_of_Katatagan_A_Resilience_Intervention_for_Filipino_Disaster_Survivors

Llaneta, C. (2020). *UPLB publishes free-to-download children's ebooks on COVID-19 prevention and control measures.* University of the Philippines. https://www.up.edu.ph/uplb-publishes-free-to-download-childrens-ebooks-on-covid-19-prevention-and-control-measures/

Malacañan Palace. (2020). *Proclamation 1021: Extending the period of state of calamity throughout the Philippines due to the Corona Virus Disease 2019 declared under proclamation 929, s.2020.* https://www.officialgazette.gov.ph/downloads/2020/09sep/20200916-PROC-1021-RRD.pdf

Malacañan Palace. (2020). *Proclamation 929: Declaring state of calamity throughout the Philippines due to the corona virus Disease 2019.* https://www.officialgazette.gov.ph/downloads/2020/03mar/20200316-PROC-929-RRD.pdf

Montenegro, S. (2020). *Ang kaklase kong tatay.* Facebook. https://m.facebook.com/story.php?story_fbid=3263621587058615&id=100002324160007

Pacarrangan, S. (2020). *Labinlimang araw.* Facebook. Facebook. https://www.facebook.com/KwentuhanSeries/photos/a.2953674978055812/2987526991337277/

Republic of the Philippines Official Gazette. (2020). *Dagling paliwanag: Ano ang state of calamity?*. https://www.officialgazette.gov.ph/laginghanda/dagling-paliwanag-ano-ang-state-of-calamity/

Ronda, R and Mateo, J. (2020). *Facebook launches digital stories for kids; google site offers Filipino, Cebuano translations of COVID terms.* One News. https://www.onenews.ph/facebook-launches-digital-stories-for-kids-google-site-offers-filipino-cebuano-translations-of-covid-terms

Sandelowski, M. (1995). Sample size in qualitative research. *Research in Nursing and Health, 18, 179-183.*

https://www.slideshare.net/mrsnazlan/sample-size-in-qualitative-research-margarete-sandelowski

San Juan, D. (2010). Glosaryo ng mga termino sa panitikan. *ResearchGate.* https://www.researchgate.net/publication/342426128_GLOSARYO_NG_MGA_TERMINO_SA_PANITIKAN

Stephens, J. (2015). Critical content analysis and literary criticism. *International Research in Children's Literature, 8*(1). *v-viii.* https://www.researchgate.net/publication/281431104_Editorial_Critical_Content_Analysis_and_Literary_Criticism


Corresponding Author: ideocampo@sac.edu.ph